

Ang Pamilya ay Pamilya Pa Rin. . . . Ang Pagmamahal ay Pagmamahal Pa Rin. . . .

Maraming magulang at pamilya ang may mahal sa buhay na tibo, bakla, silahis o transgender (lesbian, gay, bisexual or transgender o LGBT). Kapag 'naglalad' ang isang mahal sa buhay, natural para sa mga miyembro ng pamilya ang magtanong. Bilang panimula sa pagsagot sa iyong mga tanong, narito ang ilang mahahalagang katotohanang dapat malaman:

- **Hindi Pinipili ng Mga Tao Kung Sino ang Kanilang Mamahalin o Kung Paano Sila Magmamahal.**

Ang pagiging LGBT ay hindi kagustuhan o aksidente. Hindi ito naidudulot ng pagpunta sa US, paninirahan sa malalaking lungsod o pagkakaroon ng mga kaibigang LGBT. Sa katunayan, 325,000 o 2.8% ng populasyon ng mga Asian Pacific Islander sa US ang umaming LGBT, ayon sa Williams Institute sa UCLA School of Law. Bagama't walang nakakaalam kung paano mismo natutukoy ang sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlang kasarian, nababatid ng karamihan ng mga taong LGBT ang pagiging iba nila sa murang edad.

- **Walang Ginawang Mali ang Mga Magulang at ang kanilang LGBT na Anak**

Ang paninisi at hiya ay karaniwang mga unang nararamdaman ng mga magulang ng mga LGBT, ngunit hindi nagiging sanhi ang mga magulang ng pagiging LGBT ng kanilang mga anak. Walang mga nalalamang salik sa kapaligiran na "nagiging sanhi" ng pagiging LGBT ng isang tao. Ang pagiging LGBT ay ang pagiging totoo lang ng bata. Napag-alaman sa pananaliksik na nagsusulong ang pagtanggap ng pamilya ng kalusugan at pangkalahatang kagalingan. Nababawasan ng pagmamahal at suporta ng pamilya ang mga gawing mapanganib at nakasisira sa sarili, gaya ng pagkalulong sa bawal na gamot, mga sanhi ng peligro sa kalusugan, at pagpapatiwakal.

- **Masasaya at Matatagumpay ang Buhay ng Mga Taong LGBT**

Maaaring magkaroon ang maraming LGBT ng masasaya at malulusog na buhay. Mabilis na nagbabago ang US at ang mundo. Mas marami nang estado at bansa ang tumatanggap sa mga pagpapakasal ng mga pareho ang kasarian. Napag-alaman ng Williams Institute na 26% ng 33,000 AAPI na nasa mga pakikipag-relasyon sa parehong kasarian ang may pinapalaking mga bata. Dagdag pa rito, nagtatamasa ng matatagumpay na karera ang mga LGBT na indibidwal. Hayagang sinusupportahan ng maraming negosyo, kumpanya, ahensya at organisasyong hindi naglalayong kumita ang kanilang mga empleyadong LGBT.

- **Mas Maraming Tradisyon ng Pananampalataya ang "Nagbabago" at Nagiging Mas Tumatanggap sa Mga Taong LGBT**

Patuloy na dumarami ang mga pananampalataya at relihiyong nagbabago upang tanggapin ang mga taong LGBT. Isinulat ang mga pahayag sa ilang kasulatan upang ilarawan ang pag-iisip at kultura ng isang partikular na panahon. Kinikilala na ngayon ng maraming pananampalataya na ang pagtanggap sa mga taong LGBT ay pagbibigay-diin sa matatatag na relihiyoso at ispirital na aral tulad ng pakikiramay, pagmamahal, isang mahabaging Diyos, at paniniwalang dapat pakitunguhan ang iba sa paraan kung paano nais na pakitunguhan ng iba.

- **Gawing Mas Magandang Lugar ang Mundo para sa Lahat**

Maraming batas sa karapatang sibil na pang-estado at munisipal ang pumoprotekta sa mga taong LGBT. Gayunpaman, patuloy ang posibilidad ng diskriminasyon para sa mga naiiba. Responsibilidad nating gumawa ng mundong puno ng pagkakapantay-pantay, kaligtasan at respeto para sa bawat isa anuman ang lahi, etnisidad, relihiyon, likas na pinagmulang lugar, katayuan sa imigrasyon, sekswal na oryentasyon o pagkakakilanlang kasarian.

- **Imulat ang Iyong Sarili at ang Iba.**

May agad na makukuhang suporta at mga dulugan. Ang mga pangkat tulad ng PFLAG (para sa mga magulang, pamilya at kaibigan na sumusuporta sa kanilang mga mahal sa buhay na LGBT), National Queer Asian Pacific Islander Alliance (NQAPIA) at ang Asian Pride Project ay mga dulugan para sa iyo at iyong pamilya. Makipag-ugnayan sa kanila sa www.pflag.org, www.nqapia.org at www.asianprideproject.org.

Hindi Ka Nag-iisa.